



HEALTH CARE

Buod ng Tulong-Pinansyal

Ang Aming Pangkalahatang Patakaran sa Tulong-Pinansyal

Alinsunod sa Patakaran sa Tulong-Pinansyal ng aming pasilidad, nagkakaloob kami ng tulong-pinansyal para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan.

Sasailalim sa screening ang mga aplikante para sa saklaw ng Medicaid at dapat silang sumunod sa mga kinatawan ng Medicaid upang maging kwalipikado para sa tulong sa ilalim ng aming patakaran sa tulong-pinansyal. Kung kwalipikado ka para sa tulong-pinansyal sa ilalim ng aming patakaran, makakatanggap ka ng may diskwentong tulong batay sa kita at laki ng pamilya.

Upang Mag-apply para sa Tulong

1. Kumuha ng Aplikasyon Para sa Tulong-Pinansyal
2. Sagutan ang aplikasyon at isumite sa McLaren Patient Financial Services kasama ng mga pansuportang dokumentong nakalista sa unang pahina ng aplikasyon na ito sa loob ng 10 araw mula sa pagtanggap.
3. Mapoproseso ang mga kumpletong aplikasyon sa loob ng 3-4 na linggo pagkatapos matanggap
4. Magpapadala sa iyo ng liham sa pagpapasya kapag naproseso na ang aplikasyon

Hindi Lalampas ang Mga Singilin sa Halaga na Karaniwang Sinisingil (Amount Generally Billed)

Kung makakatanggap ka ng pagbibigay ng tulong-pinansyal, hindi ka na sisingilin para sa pangangalagang pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangan na mahigit sa karaniwan naming sinisingil sa mga pasyenteng may insurance.

Paano Makakuha ng Mga Kopya ng aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal at Aplikasyon sa Tulong-Pinansyal

Maaari kang makakuha ng kopya ng aming Patakaran at ng Form ng Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal sa pamamagitan ng sumusunod:

- i. Sa website ng McLaren Health Care sa <http://www.mclaren.org/Main/Financial.aspx>
- ii. Sa iyong pagpaparehistro, sa aming emergency department, o sa sinumang Pinansyal na Tagapayo o Mga Tanggapan ng Cashier.
- iii. Kung makikipag-ugnayan ka sa isang Pinansyal na Tagapayo o Kinatawan sa Serbisyo para sa Customer, magpapadala kami sa iyo ng kopya ng aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal at Form ng Aplikasyon nang libre. Mangyaring tumawag sa toll free na **586-710-8300 o 1-844-321-1557**.

Paano Makakuha ng Karagdagang Impormasyon at Tulong Kaugnay ng aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal

Para sa impormasyon hinggil sa aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal at Form ng Aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Mga Pinansyal na Tagapayo na matatagpuan sa isang ospital ng McLaren o tumawag sa **586-710-8300 o 1-844-321-1557**

Ang mga kopya ng aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal ay mababasa sa English, Spanish, Italian, Serbo-Croatian, Polish, Greek, Russian, Persian, Urdu, Chinese, Vietnamese, Tagalog, Hungarian, Korean, at Arabic.